

# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Marso 2023

## S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

### Ang mataas na demand ay patuloy na nagdulot ng growth sa manufacturing sector ng Pilipinas

#### Mga pangunahing nalaman

Kapansing-pansin pero mas mabagal na pagdami ng output at mga bagong order

Bumilis ang pagtaas ng cost burdens noong Pebrero

Bumaba ang empleyado sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan

Ang pinakabagong data ng PMI® mula sa S&P Global ay nagpakita ng pagganda ng kalagayan ng Filipino manufacturing sector noong Pebrero. Nanatiling kapansin-pansin ang growth kasabay ng lalo pang pagdami ng output at mga bagong order, ang dalawang pinakamalalaking contributor sa headline index. Ang mga bagong customer at mas mataas na client demand ay nakatulong sa pagdami ng bagong sales, at sinabi ng maraming panelista na bumalik ang productions levels sa panahon bago ang pandemya.

Gayunpaman, nanatiling mataas ang gastos, at ang pinakabagong data ay nagsaad ng pagtaas pa ng price pressures. Ang pagtaas ng mga gastusin sa pagnenegosyo ay naiugnay sa mas matataas na presyo sa mga supplier.

Bagama't mas mataas ito sa historical trend at pinapalawig nito ang kasalukuyang run ng growth sa labintatlong magkakasunod na buwan, ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay bumaba mula sa pitong buwang high noong Enero na 53.5 patungong 52.7 noong Pebrero. Ang pinakabagong reading ay nagpakita ng pinakamabagal na pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa loob ng tatlong buwan.

Ang pangkalahatang growth sa manufacturing sector ay sinuportahan ng kapansin-pansin, pero mas mabagal, na pagdami ng output at mga bagong order. Ayon sa anecdotal na ebidensya, ang mas mataas na demand mula sa mga customer at lumalaking clientele ay nakatulong sa mga kamakailang upturn.

Ang mas mararaming requirement sa produksyon ay nangahulugang pinaigting din ng mga kumpanya ang aktibidad nila sa pagbili, kung saan anim na buwan nang sunod-sunod na umiigting ang pagbili ng input. Bagama't mas mataas ito kumpara sa series average, ang data ng Pebrero ay nagpakita ng mas mabagal na pagdami ng raw materials at semi-finished goods.

Gayundin, pinanatili ng mga kumpanya sa Pilipinas ang kanilang mga stock bilang paghahanda sa mas matataas na sales sa mga darating na buwan. Lumaki ang pre-production inventories nang labinwalong sunod-sunod na buwan, sa kabila ng apat na buwang low ng pag-iipon. Samantala, lumaki ang post-production inventories noong Pebrero kasunod ang unang decline na naitala sa loob ng isang taon noong Enero.

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.  
Ang data ay nakolekta noong 10-21 Pebrero 2023.

#### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Ayon sa huling PMI data, nanatiling kapansin-pansin ang growth sa Filipino manufacturing sector sa gitna ng unang quarter ng 2023, bagama't bumagal ito kumpara sa Enero. Kapansin-pansin ang pagtaas ng production levels at factory orders at mas mataas ito kumpara sa kaukulang historical average ng mga ito.*

*"Gayunpaman, kasabay ng mas mabagal na pagdami ng mga requirement sa produksyon noong Pebrero, bumaba nang kaunti ang employment sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan. Gayundin, ang kasalukuyang mga alalahanin sa supply chain ay nanatiling balakid sa sektor. Lalo pang humina ang supplier performance, at ang kakulangan ng materyales, paninikip sa port at hindi magandang kundisyon sa transportasyon ay nagresulta sa lalo pang paghaba ng average lead times. Gayundin, ang mas matataas na presyo sa mga supplier ay direktang nakaapekto sa cost burdens, na nagdulot ng lalo pang pagbilib ng input price inflation.*

*"Sa kabila ng mga kasalukuyang hamon sa supply chain at masalimuot na internasyunal na sitwasyon, nanatiling matatag ang Filipino manufacturing sector, salamat nang husto sa domestic demand. Umaasa ang mga kumpanya na ang buoyancy sa market ay mapapanatili sa pag-usad ng taon."*

PMI®


by S&P Global

Gayunpaman, nagpakita ng mga alalahanin ang data noong Pebrero. Ang seasonally adjusted Employment Index, na nagpakita ng mas mabagal na paglaki ng output, ay bumaba nang ikalawang buwang sunod-sunod at nagpakita ng unang pagbaba ng bilang ng mga manggagawa simula noong nakaraang Nobyembre. Nagkaroon ng mga ulat ng pagbibitiw, at maraming kumpanya ang aktibo ring nagtanggag ng mga tauhan. Gayunpaman, mabagal ang naging pagbabawas ng trabaho sa pangkalahatan. Bilang karagdagan, ang mga Filipino manufacturing firm ay nagpakita ng muling pagliit ng backlog ng trabaho.

Gayundin, nanatiling hindi maganda ang mga kundisyon sa supply chain, at lalong humaba ang average lead times noong Pebrero. Ang paninikip sa port, mas maraming order at kakulangan ng materyales ay nakaapekto sa vendor performance at nagresulta sa lalo pang deterioration.

Pagdating sa presyuhan, matapos itong humina noong Enero, nagpakita rin ang data ng Pebrero ng lalo pang pagbilis ng inflation ng input price at output charge. Ang huling uptick sa input costs at output charges, bagama't hindi masyadong mabilis kumpara sa kaukulang averages nito noong 2022, ay karaniwang iniugnay sa pagtaas ng presyo ng raw material prices at mas malalaking singil ng supplier.

Panghuli, nagkaroon pa rin ang mga Filipino manufacturing firm ng positibong outlook para sa darating na taon hinggil sa output. Noong Pebrero, kalahati sa mga panelista ang umasang tataas ang output sa darating na 12 buwan. Gayunpaman, humina ang sentimyento kumpara sa noong Enero, at naging mas mababa ito kumpara sa long-term series average dahil nakaapekto sa mga ekspektasyon ang mga alalahanin hinggil sa kumpetisyon at tumataas na presyo ng input.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch  
 Ekonomista  
 S&P Global Market Intelligence  
 T: +44-13-4432-7213  
[maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

SungHa Park  
 Corporate Communications  
 IHS Markit  
 T: +82 2 6001 3128  
[sungha.park@spglobal.com](mailto:sungha.park@spglobal.com)

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@spglobal.com](mailto:katherine.smith@spglobal.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economists@ihsmarkit.com](mailto:economists@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.